BIOTHERANOSTICS, INC.
A HOLOGIC COMPANY



# HANAPIN ANG IYONG *Pagtatapos* SA ANTI-ESTROGEN NA PAGPAPAGAMOT

Ang iyong sagot sa kung gaano pa katagal ay naghihintay. Alamin ang tungkol sa pagsusuri ng Breast Cancer Index® (BCI™) sa loob.

## Breast Cancer Index® (BCI™) Test

*Para sa mga Pasyente*

# Ano ang *Tamang Tagal* ng Paggamot Kontra sa Estrogen para sa Iyo?

**5**

***vs.***

**10**

Ang **karaniwang tagal** ng terapiya kontra sa estrogen ay hindi bababa sa **5 taon.**[1] Ngunit ang ilang mga babae **ay maaaring mangailangan ng 10 taon**.[2-7]

Bagama't ang pagpapatuloy ng paggamot lampas sa 5 taon ay nakakatulong sa ilang mga babae na may positibo sa hormone receptor-(HR+), maagang yugto na kanser sa suso para mapababa ang kanilang panganib ng pagbalik, **hindi lahat ng babae ay makikinabang.**[2-7]

**Tanging ang pagsusuri ng Breast Cancer Index** ang kinikilala ng pambansang mga alituntunin sa oncology na makakahula kung ***ikaw*** ay malamang na makinabang sa pagpapatuloy ng terapiya kontra sa estrogen nang lampas sa 5 taon.[8,9]

# Kapag Nakikita Mo Na ang Finish Line, *Sulit ang Pakiramdam sa Araw-araw*

Sa pagitan ng hot flashes, kapaguran, mga pananakit ng kasukasuan, at iba pang mga posibleng side effect mula sa terapiya kontra sa estrogen,[2,10,11] maaaring naitatanong mo,

**"Gaano katagal pa bago maging normal muli ang aking pakiramdam?"**

# Maaaring Malapit Ka na at *Hindi Mo Alam Ito*

> *"Noong nakuha ko ang aking mga resulta, parang gusto kong sumayaw sa kisame.*
>
> *Napakasaya ko na malamang hindi ko kailangang gamitin ang gamot na ito na talagang nagpabago sa aking buhay sa maraming paraan na hindi ko gusto."*
>
> **– Mary, pasyente ng pagsusuri ng BCI**

# Pagsusuri sa Breast Cancer Index®

Isang genomic test na nagbibigay ng dalawang piraso ng impormasyon para tulungan ang iyong doktor na magrekomenda kung ang 5 vs 10 taon ng terapiya kontra sa estrogen ay maaaring tama para sa iyo:

1. Ang iyong panganib ng recurrence o pagbabalik ng kanser sa 5-10 taon (iniuulat bilang porsiyento)
2. Kung ang nagpapatuloy na paggamot para sa buong 10 taon ay malamang na makatulong na bawasan ang naturang panganib (iniuulat bilang isang malinaw na **OO** o **HINDI** na sagot)

**Ang tanging pagsusuri na kinikilala ng**

NCCN Clinical Practice Guidelines in Oncology (NCCN Guidelines®) at ng ASCO® Clinical Practice Guideline upang hulaan kung malamang na makinabang ka mula sa terapiya kontra sa estrogen nang lampas pa sa 5 taon.[8,9]



# Ang Pagkuha sa Pagsusuri ay *Simple Lang*

**Magsimula sa pagtatanong sa iyong doktor kung tama ba ang pagsusuri para sa iyo.**

Maaaring ibilin ang pagsusuri ng Breast Cancer Index para sa mga babaeng:

- Nasuring may maagang yugto, HR+ na kanser sa suso at negatibo sa lymph node o positibo sa lymph node na may hanggang 3 positibong mga lymph node
- Gumagamit ng Tamoxifen o isang aromatase inhibitor, anuman ang katayuan sa menopause
- Hindi pa nagkaroon ng metastatic recurrence

# *Ano ang Aasahan* Kapag Naipagbilin na ng Iyong Doktor ang Pagsusuri

1. Ang tissue mula sa orihinal na sampol ng iyong tumor ay ipadadala sa aming lab. Walang kailangang karagdagang mga pamamaraan.

2. Susuriin ng aming Pangkat ng mga Serbisyo sa Pasyente ang iyong indibidwal na plano ng insurance at makikipag-ugnayan sa iyo kung ang inaasahang gastos mula sa bulsa ay higit sa $100 para pag-usapan ang halaga ng pagsusuri at ang aming Financial Assistance Program.

   Magkakaroon ka rin ng pagkakataong magpasya kung magpapatuloy sa pagsusuri o hindi sa ngayon.

3. Ang iyong mga resulta ay ipapadala sa iyong doktor para suriin kasama ka.

# Pagsisimula sa *Pag-uusap*

Dalhin ang gabay na ito sa iyong susunod na appointment sa doktor.

- Ano ang aking indibidwal na panganib sa pagkakaroon ng pagbabalik ng kanser pagkatapos ng 5 taon? Saan ito nakabatay?
- Maaari ko bang mapababa ang aking panganib sa pagbabalik ng kanser? Kung oo, paano?
- Gaano ko katagal na kakailangang gamitin ang aking gamot kontra sa estrogen? Ito ba ay batay sa aking panganib o kung malamang na makatulong ang mas matagal na paggamot?
- Ano ang mga posibleng side effect ng aking paggamit ng gamot?
- Mayroon bang anumang mga pangmatagalang epekto sa kalusugan na nauugnay sa paggamit ng terapiya kontra sa estrogen sa mahabang panahon?
- Paano tayo magpapasya kung ang mga posibleng benepisyo ng terapiya kontra sa estrogen nang lampas ng 5 taon ay mas matimbang kaysa sa mga posibleng panganib?
- Ako ba ay naaangkop na kandidato para sa pagsusuri sa Breast Cancer Index?



# Kontakin ang Pangkat ng mga Serbisyo sa Pasyente

Naninindigan kami sa pagtiyak na lahat ng kwalipikadong pasyente ay may access sa pagsusuri ng BCI.

Kontakin nang direkta ang aming Pangkat ng mga Serbisyo sa Pasyente para pag-usapan ang iyong insurance coverage o i-scan ang QR code sa ibaba upang i-save ang kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan upang nakahanda ka kung tumawag sila kapag ipagbilin ng iyong doktor ang iyong pagsusuri sa Breast Cancer Index.

**(844) 319-8111**

**patientservices@biotheranostics.com**

# Handa na sa #findyourfinish?

# *Tanungin ang iyong doktor tungkol sa pagsusuri ng BCI.*

Alamin ang higit pa sa **breastcancerindex.com**

**Mga sanggunian: 1.** Burstein HJ, Temin S, Anderson H, et al: Adjuvant endocrine therapy para sa mga babaeng may hormone receptor-positive na kanser sa suso: American Society of Clinical Oncology clinical practice guideline na nakatutok sa update. J Clin Oncol 32:2255-2269, 2014. **2.** Davies C, et al. Lancet Oncol. 2013;381:805-816. **3.** Gray R, et al. J Clin Oncol. 2013;31:(suppl;abstr 5). **4.** Jakesz R, et al. J Natl Cancer Inst. 2007;99:1845-1853. **5.** Goss PE, et al. J Natl Cancer Inst. 2005;97:1262-1271. **6.** Goss PE, et al. N Engl J Med. 2003;349. **7.** Mamounas EP, et al. Clin Cancer Res. 2024; 30(9):1984-1991. **8.** Binanggit nang may pahintulot mula sa NCCN Clinical Practice Guidelines in Oncology (NCCN Guidelines®) for Breast Cancer V.1.2024. © National Comprehensive Cancer Network, Inc. 2024. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Na-access noong Nobyembre 21, 2024. Upang tingnan ang pinakabago at kumpletong bersyon ng alituntunin, pumunta sa NCCN.org. Hindi nagbibigay ang NCCN ng anumang uri ng garantiya kaugnay ng kanilang content, paggamit o application at itinatatwa ang anumang responsibilidad para sa kanilang application o paggamit sa anumang paraan. **9.** Andre F et al. J Clin Oncol. Inilathala online Abril 19, 2022. DOI: 10.1200/JCO.22.00069. Binanggit nang may pahintulot mula sa American Society of Clinical Oncology (ASCO®) Clinical Practice Guideline Biomarkers para sa Adjuvant Endocrine at Chemotherapy sa Early-Stage Breast Cancer. © American Society of Clinical Oncology. 2024. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Upang tingnan ang pinakabago at kumpletong bersyon ng alituntunin, pumunta sa https://ascopubs.org/jco/special/guidelines [ascopubs. org]. Hindi nagbibigay ang ASCO ng anumang uri ng garantiya kaugnay ng kanilang content, paggamit ng application at itinatatwa ang anumang responsibilidad para sa kanilang application o paggamit sa anumang paraan. **10.** Goss PE, et al. N Engl J Med. 2016;375:209-219. **11.** Chart ng pagkumpara sa mga side effect ng Hormonal therapy. Breastcancer.org. Na-access noong Setyembre 3, 2022. https://www.breastcancer.org/treatment/hormonal/comp_chart.

**Mga Nilalayong Gamit at Limitasyon ng Breast Cancer Index**

Ang Breast Cancer Index (BCI) Risk of Recurrence & Extended Endocrine Benefit Test ay inirerekomendang gamitin sa mga babaeng nasuring may positibo sa hormone receptor (HR+), negatibo sa lymph node (LN-) o positibo sa lymph node (LN+; na may mga 1-3 positibong node) maagang yugto, mapaminsalang kanser sa suso, na distant recurrence-free. Ang pagsusuri ng BCI ay nagbibigay ng: 1) quantitative estimate ng panganib para sa kapwa huling (pagkalipas ng 5 taon mula sa diagnosis) malayong agwat ng pagbabalik at ang naipong panganib ng malayong agwat ng pagbabalik na lampas ng 10 taon (0-10y) sa mga pasyente na ginamot ng adjuvant endocrine therapy (LN- na mga pasyente) o adjuvant chemoendocrine therapy (LN+ na mga pasyente), at 2) prediksyon ng posibilidad ng benepisyo mula sa pinalawig (>5 taon) na terapiya ng endocrine. Ang mga resulta ay dagdag sa workup ng nagbibilin na doktor; ang mga desisyon sa paggamot ay nangangailangan ng ugnayan sa lahat ng iba pang natuklasan sa klinika. Ang pagsusuri na ito ay ginawa at ang mga katangian ng pagganap nito ay ipinasya ng Biotheranostics, Inc. Hindi pa ito pumasa o inaprubahan ng U.S. Food and Drug Administration. Ginagamit ang pagsusuring ito para sa mga layunin sa klinika, at hindi dapat ituring bilang pang-eksperimento o pang-imbestiga. Paano ginagamit ang impormasyong ito para gabayan ang pangangalaga sa pasyente ay responsibilidad ng gumagamot na tagapagbigay ng serbisyo. Ang Biotheranostics ay sertipikado sa ilalim ng Clinical Laboratory Improvement Amendments ng 1988 para magsagawa ng lubhang kumplikadong pang-klinikang pagsusuri sa laboratoryo.

Ang © 2025 Hologic, Inc. Hologic, Breast Cancer Index at mga kaugnay na logo ay mga marka ng negosyo o trademark at/o nakarehistrong trademark ng Hologic, Inc. at/o ng mga subsidiyaryo nito sa Estados Unidos at/o sa ibang mga bansa.